

Presidential Communications Operations Office

News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LAGING HANDA PH HOSTED BY ALJO BENDIJO AND UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO WITH DEPARTMENT OF HEALTH UNDERSECRETARY MARIA ROSARIO VERGEIRE, DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE DIRECTOR IRENE DURLAO, DEPARTMENT OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT USEC. JONATHAN MALAYA, METRO MANILA DEVELOPMENT AUTHORITY SPOKESPERSON CELINE PIALAGO, BUREAU OF JAIL MANAGEMENT AND PENOLOGY CHIEF INSPECTOR XAVIER SOLDA, AND PHILIPPINE AMBASSADOR TO GERMANY MARIA THERESA DIZON DE VEGA

APRIL 13, 2020 (11:05 A.M. – 12:22 P.M.)

USEC. IGNACIO: Magandang umaga, Pilipinas. At pagpupugay sa lahat ng ating mga kababayan na nasa iba't-ibang panig ng mundo, ganoon din po sa lahat ng mga nakasubaybay ngayon sa kani-kanilang mga telebisyon, radyo at sa ating online streaming.

Ngayong araw po ay muli nating sasagutin at sisikapin na bigyang linaw ang mga katanungan ng ating mga kababayan hinggil sa COVID-19 sa tulong ng ating mga resource person na nagmula pa sa mga pinagpipitagang ahensiya ng ating gobyerno, mga lokal na pamahalaan at iba pang sektor ng ating lipunan. Sa ngalan po ng People's Television Network, Philippine Information Agency, Philippine Broadcasting Service and its Radyo Pilipinas network, and crisis communications platforms, Radio Television Malacañang at sa pangunguna ng Presidential Communications Operations Office, ako po ang inyong lingkod, Undersecretary Rocky Ignacio.

BENDIJO: At hahalili kay Secretary Martin Andanar, ako naman si Aljo Bendijo. Dito po ay magkakaroon ng pagkakataon ang ating mga kababayan na ilahad ang kanilang mga saloobin pagdating sa health crisis na kasalukuyan nating nararanasan, hindi lamang po dito sa bansang Pilipinas, kung hindi sa buong mundo.

Basta't sama-samaat laging handa at, Usec., kaya natin ito.

USEC. IGNACIO: Kaya natin ito. Kaya naman, bayan, halina at samahan ninyo po kami dito lang sa Public Briefing #Laging HandaPH. Salamat sa iyo, Aljo, sa iyong panahon na makasama ako dito sa Laging Handa Public Briefing.

BENDIJO: Walang anuman, Usec.

USEC. IGNACIO: At nasa ika-28 araw na tayo ng enhanced community quarantine na ipinatutupad ng ating gobyerno kontra COVID-19. Sa kabilang banda, alamin natin ang pinakahuling bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa bansa. As of 4 P.M. ng April 12, 2020, ayon

sa tala ng Department of Health, mayroon na pong 4,648 cases na nagpositibo sa COVID-19 sa bansa; isandaan at siyamnapu't pito dito ang naka-recover na mula sa sakit, at dalawandaan siyamnapu't pito naman po ang pumanaw.

Tingnan din natin ang bilang ng COVID-19 cases sa iba't ibang lugar sa ating bansa, sa mga probinsiya po. Nangunguna sa may pinakamataas na bilang ang Rizal na may 221 na kumpirmadong kaso; pangalawa po ang Laguna with 161 COVID-19 cases; pangatlo po ang Cavite na may 149 confirmed cases; ika-apat ang Bulacan na may 76; at ikalima po ang Davao del Sur na may 74 confirmed COVID-19 cases.

BENDIJO: At dito naman sa Metro Manila ay mayroon na pong 2,926 total cases kung saan nangunguna sa hanay ang Quezon City na may 799 confirmed cases; pangalawa ang Lungsod ng Maynila with 379 confirmed cases; at pangatlo ang Makati City na may 254 confirmed cases.

Dahil sa ang Quezon City po ang pinakamalaking siyudad at may pinakamataas na populasyon sa Metro Manila na tinatayang nasa 2,938,000 batay iyan sa Census noong 2015 ay hindi maipagkakaila na ito rin ang may pinakamataas na bilang ng COVID-19 confirmed cases dito sa National Capital Region.

Ayon po sa Johns Hopkins University mayroon ng 1,844,410 COVID-19 cases sa buong mundo kung saan 421,497 na ang naka-recover, habang 113,948 naman ang nasawi.

Dumako tayo sa rehiyon ng ASEAN na tinatayang nasa 19,235 na ang kabuuang kaso ng COVID-19 kung saan 759 ang namatay mula sa sakit at 4,771 na ang naka-recover. Pangalawang puwesto pa rin ang Pilipinas sa may pinakamataas na bilang ng kaso ng COVID-19 sa ASEAN, at nangunguna pa rin ang bansang Malaysia na may 4,683 confirmed cases.

Samantala, batay sa inilabas na Administrative Order 2020-0013 ay pinalitan na ng Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health) ang classification ng COVID-19 cases ayon na rin po sa guidelines ng World Health Organization. Mula sa PUI, PUM at positive cases, ngayon po ay maikakategorya na natin ang COVID-19 cases into *suspect*, *probable* at *confirmed*. Sa pamamagitan naman nito ay mas mai-expand ang healthcare services sa ating mga kababayang apektado ng krisis na ito.

USEC. IGNACIO: Bayan, hinggil po sa inyong mga katanungan at concerns tungkol sa COVID-19 tumawag lang po kayo sa 02-894-26843. Para po naman sa ating PLDT, Smart, Sun at TNT subscribers, mangyaring i-dial lang ang 1555. Maaari ninyo rin pong tawagan ang hotline numbers ng iba't ibang ahensiya ng ating pamahalaan na makikita ninyo sa inyong TV screens. Upang maging updated sa mga hakbangin ng pamahalaan kontra COVID-19 ay magtungo sa aming COVID-19 portal. Bisitahin lamang ang www.covid19.gov.ph

Ngayon naman po ay puntahan natin ang iba pa nating kasama na magbibigay ng balita mula sa iba't-ibang bahagi ng ating bansa. Sina John Mogol mula po sa Philippine Broadcasting Service, Alah Sungduan mula sa PTV Cordillera, Jay Lagang mula sa PTV Davao, at John Aroa mula sa PTV Cebu. Magandang umaga po sa inyong lahat.

BENDIJO: At ngayong araw din, Usec. Rocky, ay makakasama natin sina Usec. Maria Rosario Vergeire, ang tagapagsalita ng Department of Health; Director Irene Dumlao, ang tagapagsalita ng DSWD; si Usec. Jonathan Malaya na tagapagsalita ng DILG; Asec. Celine Pialago na tagapagsalita rin, mula naman sa MMDA; Chief Inspector Xavier Solda, ang tagapagsalita ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP); at si Ambassador Maria Theresa Dizon De Vega ng Embassy of the Philippines sa Berlin, Germany. Magandang umaga po sa inyong lahat.

USEC. IGNACIO: Para po sa mga karagdagang balita: *Senator (garbled) ay nanawagan po na tulungan po ang MSME at ang kanilang mga empleyado sa gitna ng COVID-19 crisis. Ayon sa Senador, karamihan sa mga ito ay pansamantala o di kaya ay tuluyan nagsara dahil na rin sa umiiral na extended enhanced community quarantine measures, kaya naman po ay marapat lang na sila ay mabigyan ng suporta sapagka't malaki aniya ang kanilang ambag sa ating ekonomiya.*

Napag-alaman naman sa kaniyang pakikipagpulong kay Department of Finance Secretary Carlos Dominguez III na naghahanda umano ang pamahalaan ng subsidy program para sa MSMEs at kanilang mga manggagawa. Ito po ay nakatakdang ikasa sa susunod na linggo at matutulungan ng nasabing programa ang tinatayang nasa apat na milyong empleyado ng mga MSME.

Iniutos naman ng Department of Trade and Industry (DTI) sa mga nagpapaupa ng bahay at commercial or businesses establishment na magbigay po ng 30-day grace period sa rental fees. Ayon sa Memorandum Circular number 2012 series of 2020, ito po ay habang ipinatutupad ang ECQ sa Luzon dulot pa rin ng COVID-19. Ang kautusan na ito ay alinsunod din sa Bayanihan to Heal as One Act, at sinumang lumabag dito ay maaaring makulong at magmulta nang hindi bababa sa sampung libong piso.

BENDIJO: Samantala, *free ride for health workers program ng DOTr (Department of Transportation) mas pinalawak sa pakikipag-ugnayan ng ahensiya sa LTFRB at Land Transportation Office. Ang programang ito ay hindi lamang sa NCR ipinapatupad kung hindi pati na rin sa ibang rehiyon katulad ng Regions I, II, III, IV-A, IV-B, V, VI, VII, VIII, IX, X, XI, XII, CAR at ang Caraga. Umabot na po sa 146,250 na mga medical frontliners ang natulungan ng naturang serbisyo ng DOTr.*

Pagtulong pa rin sa ating mga magigiting na frontliner, iyan po ang handog ng Philippine Science High School matapos nilang ipahiram ang kanilang campus sa Quezon City na magsisilbing pansamantalang tirahan ng mga health worker ng Philippine Children's Medical Center na hindi makakauwi sa kani-kanilang tahanan bilang pag-iingat pa rin sa COVID-19.

Lubos namang ikinatuwa ng pamahalaan ang inisyatibo ng PSci at ito umano ay isang magandang halimbawa ng bayanihan sa panahon COVID-19 pandemic.

One-time bayanihan financial assistance, ipagkakaloob sa mga provincial and local government.

Aprubado po ng Executive branch ang recommendation ni Senator Bong Go na bigyan ng one-time bayanihan financial assistance ang mga provincial and local government na katumbas ng kalahati ng one-month Internal Revenue Allotment. Ayon pa kay Senator Go, malaki ang

maitutulong ng karagdagang pondong ito sa mga probinsiya upang ma-equip ang kanilang mga ospital at madagdagan ang kanilang mga quarantine at health facilities. Dahil po diyan mas magiging handa ang mga local government units sa probinsiya laban sa COVID-19 health emergencies.

USEC. IGNACIO: Kanina, Aljo, ay may mga katanungan na rin tayong mga tinatanggap, sana matanong ang mga kinauukulang ahensiya. Ano ba ang nagiging problema sa pagitan ng LGUs at ng DILG sa pagpapatupad ng stay at home dahil marami daw nakikitang nasa labas pa rin at kawalan ng social distancing? Tapos, ano ang nagiging problema dito sa amelioration program? Ano ang koordinasyon ng DSWD sa LGUs dahil sa kasalukuyan parati pa ring nagiging tanong sa barangay ng ibang mga household na hindi sila ... parang hindi sila naka-qualify o hindi sila nabibigyan? So, aalamin natin iyan mamaya.

Simulan na po natin ang atin pong public briefing kasama po ang ating mga panauhin na sina Usec. Ma. Rosario Vergeire, ang spokesperson po ng Department of Health; Director Irene Dumlao, ang spokesperson ng DSWD; Usec. Jonathan Malaya, ang tagapagsalita ng DILG; Asec. Celine Pialago, ang tagapagsalita naman ng MMDA; Chief Inspector Xavier Solda, spokesperson ng BJMP; at si Ambassador Ma. Theresa Dizon de Vega ng Embassy of the Philippines sa Berlin, Germany. Magandang umaga po muli sa inyong lahat.

Sa punto pong ito, unahin po natin si DOH Spokesperson Usec. Ma. Rosario Vergeire. Magandang umaga po, Usec?

USEC. VERGEIRE: Good morning, Usec. Rocky. And good morning kay Sec. Andanar.

BENDIJO: Aljo Bendijo po, Usec.

USEC. IGNACIO: Kahapon po ay inanunsyo ninyo ang bagong classification ng COVID-19 cases/patients ayon sa guidelines ng World Health Organization – iyong suspect, probable at confirmed. Hindi po ba magiging cause pa ng confusion ngayon sa ating mga kababayan, Usec?

USEC. VERGEIRE: Ito naman, Usec., ang aking pinapaliwanag kahapon po na ito po ay isang global reporting system kung saan kailangang mag-align po ang ating bansa, ang Pilipinas, para po nakakapasok tayo sa international health regulations na pagre-report. Ito pong ating ginawang hakbang na ito ay marami po ang nagtanong dahil sabi nila saan daw po mapupunta ang kanilang person under monitoring. Gusto lang nating klaruhin sa ating mga kababayan, wala po tayong binago sa clinical management or sa management po ng ating mga COVID cases.

Ang persons under monitoring po ay siya pa rin pong mga tao na walang sintomas ngunit nagkaroon ng exposure o di kaya ay nagkaroon ng history of travel at sila po ay patuloy nating babantayan, patuloy pa ring i-isolate kung maka-identify po tayo ng ganyang kaso.

Ang atin lang pong ginawa, pinalawak natin para ma-manage din po natin aside from aligning internationally. Ito pong mga PUIs natin dati nagkaroon ng dalawang klase: Isang suspect, isang probable.

Iyong probable po, ito po iyong mga kaso na mayroon kayong nararamdaman, mayroon na pong mga sintomas, mayroong history of exposure, mayroong history of travel, pero wala pa pong test na lumalabas o di kaya ay nakapag-test pero ang test na ginamit ay hindi sa certified laboratory ng ating bansa, kaya po hindi ma-consider na positive talaga siya.

With this, all probable, kung nasa ospital po because they have already signs and symptoms of COVID ay maaari na ring gamutin ng ating mga doctor as COVID also. So, isa po iyon sa pag-i-expand natin ng ating pagma-manage sa ating kaso. So it's going to help doon po sa ating pagma-manage ng COVID.

BENDIJO: Usec., 6:00 P.M. kahapon—this is Aljo Bendijo, Usec., na humahalili pansamantala kay Secretary Andanar. Kahapon 6:00 P.M., ginawa ninyo ng live iyong COVID-19 tracker na kung saan puwede na rin pong makita ng ating mga kababayan ang datos ng mga ospital. Tell us more about this, Usec.

USEC. VERGEIRE: Yes, sir. Atin pong ibinaba itong ating nCoV tracker during the Holy Week, which started last Wednesday. Ito po ay naglalayon – kung bakit natin binaba – para malinis po natin ang datos, para po ma-harmonize lahat po ng sources of data namin at matanggalan po kami ng backlog sa mga datos na mayroon kami.

So noong ipinasok po natin kahapon, binuksan muli ng ating tracker, ito po ay nag-iba na po iyong itsura nito. Ito po would show a major data or indicators na hinahanap lagi ng tao katulad ng number of cases, number of deaths, recovered. Also showing laboratory statistics, pinapakita po diyan kung ilan na po ang na-test, kung ilan na po ang nagawa natin na test for individuals, ilan na pong mga samples ang natanggap at ilan ang positibo at negatibo. Pinapakita rin po diyan ang estado ng ating facilities, ilan po ang available natin na beds, etc. And also showing there iyong ating mga supplies or logistics like PPEs. Iyon pong front page natin are connected to a link kung saan po puwede silang makakuha ng disaggregated data kapag binuksan pa nila further iyang site na iyan. So they can get per area, per geographic region, per city. Puwede din pong makakita ng ibang detalye katulad po ng epidemiologic curve and iyon pa pong iba, regarding the cases that we have.

USEC. IGNACIO: Bago po tayo pumunta sa Radyo ng Bayan kay John Mogol, may tanong po si Joseph. Hindi daw po ba nahihirapan ang DOH dito sa COVID contact tracker ninyo ngayon?

USEC. VERGEIRE: Hello.

USEC. IGNACIO: May katanungan po si Joseph Morong: Kumusta daw po itong inilunsad ninyong COVID contact tracker? Mahirap po ba or okay lang po? Maayos po ba itong naipapatupad ngayon?

USEC. VERGEIRE: Ito pong nCoV tracker na inilunsad natin kagabi, mayroon po kaming inilagay na box diyan kung saan puwedeng maglagay ng suhestiyon or komento ang ating mga kababayan kung sa tingin nila may kulang pa pong mga datos na hindi nila nakikita diyan o di kaya may kulang pa po na mga detalye doon sa mga gusto nilang malaman, at kami po ay tutugon. So, this nCoV tracker na itinaas natin is going dynamic; it's going to be evolving. Base na rin po sa hinihinging datos sa atin ng ating mga kababayan kung maaari natin maibigay dito po sa ating tracker, ilalagay po natin iyan.

USEC. IGNACIO: Okay. May katanungan po ang ating kababayan, puntahan natin si John Mogol mula sa Philippine Broadcasting Service.

JOHN MOGOL: Salamat po, Usec. Ignacio. Para kay Usec. Vergeire, the question galing po kay Ma'am Divina Suson ng iligan City. Ito po iyong kanyang katanungan.

DIVINA SUSON: Good morning. Ako po si Divina Suson, correspondent po ng Philippine Daily Inquirer dito sa iligan City, Lanao areas and Marawi City. Itatanong ko lang po kung puwede po bang mass testing para sa mga journalist na nagpi-field since March 20 especially sa mga areas na may confirmed cases kahit wala silang napi-feel na symptoms?

USEC. VERGEIRE: Yes, Ma'am. Actually, ngayon po iyong ating expanded testing or mass testing, mayroon po tayong mga protocol na sinusunod at ang mga prinsipyo ng ating expanded testing it is risk-based and it is progressive. So sa ngayon po, risk-based tayo with our resources. Currently, ang atin pong tine-test pa rin ay ang mga severely ill, ang ating mga vulnerable at saka iyong mga healthcare workers na may sintomas. Pero darating po tayo doon sa punto na it's going to be progressive kapag dumating na po tayo na capacitated na ang lab and we will be ranging 8,000 tests per day and then i-expand na po natin ang coverage ng atin populasyon para mapagsama ang kahit na walang sintomas pero frontliners naman natin.

BENDIJO: Thank you, John Mogol. Usec., kamakailan din ay naglabas kayo ng memorandum patungkol sa emergency hiring ng mga health personnel. With that po, Usec, sa mga maha-hire ninyo, anu-ano ang kanilang mga benefits? Alinsunod ba ito sa Bayanin to Heal as One Act?

USEC. VERGEIRE: Yes, sir. Alinsunod po sa Bayahinan to Heal as One Act, tayo po ay nagkaroon nitong emergency hiring para magkaroon po ng augmentation itong ating mga ospital, ang ating mga community quarantine facilities at iba pang mga pasilidad for health para makatulong sa ating response for COVID-19. Ang kanila pong mga benepisyong manggagaling

din po sa pondo natin sa Bayanihan Act would be, first, iyong kanila pong suweldo ay may 20% premium, mayroon po silang matatanggap na PPE, mayroon po silang pagtutulugan o kaya ay pagpapahingahan kapag sila ay naka-duty. Kung sakali naman po, after nilang makapag-duty, magko-quarantine sila, mayroon din po silang tutuluyan.

Mayroon hong continuing professional development unit na ibibigay po ang DOH para magamit po nila kung sakaling sila po ay papasok sa trabaho pagkatapos nito – as permanent. Mayroon din po silang preferential evaluation kung sakaling mag-decide sila na mag-a-apply sila sa DOH sa mga susunod po na buwan.

Mayroon din po silang hazard pay na matatanggap, P500 per day kahit po naka-quarantine sila o sila ay naka-duty; there is GSIS at mayroon pa rin ho silang mga hospitalization benefits. And if ever, at huwag naman po sana, mayroon po tayong benefit kapag po nagkakaroon ng pagkakamatay ang ating healthcare workers.

BENDIJO: Okay. Maraming salamat, Usec. Vergeire.

USEC. IGNACIO: Aljo, may tatlo muna tayong tanong mula sa ating mga kasama sa Malacañang Press Corps. Unahin lang natin si Joseph Morong. Ang tanong niya dito, in terms daw po ng government projection and resources, “If a vaccine is not found in the near future,” ano daw po ang ating step na susunod and ano daw po iyong ating worst case scenario?

USEC. VERGEIRE: Ito naman po, Usec., ang ating mga estimations ‘no, galing po iyan sa ating mga scientists, sa mga mathematicians: Nagkaroon po tayo ng tatlong modeling estimates na ginawa kung saan ang timeline range from, hanggang third quarter of the year and maybe worst case scenario, base sa kanilang pagkakaaral ay next year po ng January. But these are all estimations, at kung ito ay mangyayari kung wala tayong gagawing intervention.

Ang atin pong mga bakuna na sinasabi would take about, maybe 6 to 12 months or maybe one year to one and a half years pa ho bago lumabas iyang mga bakunang dini-develop sa iba’t ibang bansa. Kaya po tayo, ang ginagamit natin are the measures na nag-work sa ibang bansa like this physical distancing, avoidance of mass gatherings, frequent washing of hands – these are the non-pharmaceutical interventions na kailangan ipatupad para matigil po ang transmission.

So ito po ang ginagamit natin ngayon in lieu of there are no really evidence-based na masasabi na nasa market na bakuna ngayon laban sa sakit na ito.

USEC. IGNACIO: Opo. Ang susunod naman pong tanong, galing kay Victoria Tulad ng GMA 7: *“Aside from East Avenue Medical Center, ano pa daw pong hospitals ang may mga naipong bangkay because of COVID-19? At bakit hindi daw po ito nakuha agad? Ano daw po ang ginagawa ng pamahalaan para tulungan ang mga ospital in transferring cadavers?”*

USEC. VERGEIRE: Yes, ma'am. Sa mga reports naman nating nakakalap, wala na ho tayong nakuhang report pa na mayroong mga ospital na nagkakaroon ng maraming mga remains of the dead na hindi pa ho nakukuha. Iyon pong nangyari diyan sa ating ospital na iyan, nagawan na po ng solusyon. Tayo ay nakipagtulungan at natulungan naman po tayo ng local government ng Quezon City kung saan tinanggap po nila itong mga remains ng mga dead doon po sa ating ospital at ito po ay sinalang sa kanilang crematorium.

Ngayon, ang naging usapan po ng bawat ahensiya, at sa tingin ko po magkakaroon ng final agreement ngayon sa meeting sa IATF, would be local government, DILG and MMDA po ay magkakaroon ng pag-uusap at coordination with regard to the disposal, the transfer and the disposal. When you say disposal, it's the cremation or burial of the remains of our COVID patients. So ito na po iyong sa tingin ko ay pinakamagandang nangyari dahil magtutulung-tulungan na po ang DOH, DILG, MMDA at local government units para po hindi na nagkakaroon ng ganitong pangyayari ulit.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., last question na lang po galing kay Arianne po ng ABS-CBN Online: *"Tuloy po ba daw ang mass testing tomorrow? Can you provide more details?"*

USEC. VERGEIRE: Yes, ma'am. Ito pong target naman ng ating National Task Force on mass testing or expanded testing, naipaliwanag naman po natin. At gusto nating klaruhin: Hindi po ito iyong lahat ng tao ay iti-test. Hindi rin po ito indiscriminate testing. Iti-test po natin iyong mga kasama doon sa ating qualifiers na sinasabi. So priority pa rin po natin iyong mga severe ang cases, iyon pong mga vulnerable population, iyong ating mga nakakatanda, iyon pong may mga ibang sakit, comorbidities at iyon pong mga buntis. Kasama rin pong iti-test iyong ating mga healthcare workers, lalung-lalo na kung sila ay may sintomas.

Sabi po natin, ang expanded testing is progressive: Kapag dumating po tayo doon sa kakayanan ng ating gobyerno, laboratory capacity-wise na nakakagawa na po tayo ng mga walong libong tests per day, isasama na ho natin lahat po nang may exposure, may history of travel na may sintomas. So it's going to be evolving;, it's going to be progressive. Tataas po nang tataas ang ating coverage per day as our capacity for laboratory increases.

BENDIJO: Okay. Maraming salamat, Usec. Maria Rosario Vergeire, ang Tagapagsalita ng Department of Health. Usec. Rocky, ngayon naman ay puntahan natin si Usec. Jonathan Malaya ng Department of Interior and Local Government (DILG).

Magandang umaga po, Usec. Malaya. Nabanggit ng DSWD na, Usec., na kailangan nila ang tulong ng DILG para ma-address ang mga problema when it comes to Social Amelioration Program. Papaano po makakatulong ang DILG sa DSWD?

USEC. MALAYA: Yes, magandang umaga, Aljo. Magandang umaga, Usec. Rocky. Matagal na po kaming nakikipag-ugnayan sa DSWD para po matugunan iyong mga problema natin sa Social Amelioration Program. Ito po ay programa ng DSWD at nakatulong po kami, tumutulong po kami sa kanila para ma-facilitate ito partikular doon po sa pagpipirma ng MOA between the LGU at ng DSWD; kasama na rin po iyong ating mga barangay na sila mismo ang mag-distribute at mangolekta ng mga SAC forms at sila din po ang maggagawa ng payout in cooperation with the DSWD. Nagsimula na nga po ang payouts natin sa Lungsod ng Parañaque noong nakaraang linggo at tuluy-tuloy na po ito sa buong bansa.

Ngayon, ang madalas pong itinatanong sa amin, Aljo, ay mayroon daw discrepancy doon sa numero ng mga SAC forms at iyong mga low income families doon sa mga barangay. Ang payo po namin sa mga barangay officials, sa mga barangay kapitan na nakikinig ngayon, i-distribute lang po ninyo itong mga SAC forms sa poorest of the poor muna at iyong mga sa tingin ninyo po ay kuwalipikadong benepisyaryo under the guidelines of DSWD na low income, informal sector, “no-work, no-pay”. Iyan pong mga iyan na wala pong mga regular na trabaho ay ilista lang po ninyo at ibigay ninyo po sa DSWD para po maisama doon sa susunod na tranche.

Ang commitment po ng Secretary ng DSWD ay hahanapan ng pondo iyong mga naiwan sa listahan. But in the meantime, ang instruction naman po ni Secretary Eduardo Año sa ating mga local government units ay ma-prioritize iyong mga hindi naisama sa listahan na mabigyan ng mga food packs. Puwede po nilang gamitin iyong kanilang extra internal revenue allotment na ibinigay ng pamahalaan to the Bayanihan grant para po ma-prioritize naman nila iyong mga hindi nakasama sa SAC at mabigyan ng kaukulang food packs.

USEC. IGNACIO: Inyo rin pong iniutos, Usec., sa mga LGU na magtayo po ng isolation facilities para sa mga COVID-19 patients, lalo na po iyong mas marami ... mas dadami pa kasi once na magkaroon ng mass testing. Kumusta na po iyong monitoring ninyo ng isolation facilities ng bawat LGU?

USEC. MALAYA: Okay, totoo po iyan, Usec. Noong isa pa pong linggo ipinanawagan ni Secretary Año sa mga LGUs na kailangan na nilang maipatayo iyong kanilang mga isolation facilities dahil nga po, dahil sa expanded testing natin ay inaasahan natin na tataas iyong ating mga positive cases at marami diyan ay asymptomatic kaya kailangan mailagay sa isolation centers. At iyon din pong mga asymptomatic na PUIs na kailangan natin i-isolate habang wala pang tests, kailangan ma-isolate din natin. Ito po ay alinsunod doon sa ating national strategy to defeat COVID na kailangan ma-detect, isolate, treat and recover itong mga ito.

Maayos naman po ang compliance ng ating mga LGUs sa buong bansa. Dahan-dahan na pong nakakapagpatayo sila ng mga isolation facilities. Iyong iba po mga nasa eskuwelahan, iyong mga iba ay sa mga government facilities na hindi ginagamit. Mayroon din po tayong pakikipag-usap sa Commission on Higher Education para magamit din ang mga state universities and colleges. So gumagalaw na po ang ating mga local government officials para po magkaroon na tayo ng mga isolation facilities.

USEC. ROCKY: Okay. May katanungan po ulit ang ating mga kababayan. Balikan po natin si John Mogol mula po sa Philippine Broadcasting Service.

MOGOL: USec. Malaya, magandang tanghali po. Ang question na ito galing naman kay Mr. Edmark Martin Baliwasan ng Zamboanga City. Ito po iyong kaniyang question:

[VTR] *Hello po! Ang tanong ko lang po sa DILG na para po sa amin na taga-lungsod or taga-probinsiya, paano po ba namin malalaman kung sapat o hindi nakakaltasan iyong tulong mula national government na natatanggap namin sa LGUs? Iyon lang po, salamat po.*

USEC. MALAYA: Okay. Bilang tugon po sa inyong tanong, bawat region po ay iba-iba iyong tinatawag nating Social Amelioration Program. Hindi lang po niya nabanggit kung anong region siya nanggaling pero para lang po malaman ng ating mga kababayan kung magkano po iyang Social Amelioration Program—at unang-una po, bago ko makalimutan, bawal po itong hatiin. Kailangan po ay ito ay maibigay sa isang pamilya, hindi ito for individual pero sa isang pamilyang low income.

So, para po sa kaalaman ng ating mga kababayan, for NCR, 8,000 po ang Social Amelioration Program; for CAR – Region I and Region II is 5,500; for Regions III, IV-A is 6,500; for Regions IV-B and V, it's 5,000; for Region VI and VII is 6,000; for Region VIII and IX is 5,000; for Region X, XI it's 6,000; for Regions XII, Caraga and BARMM, it's 5,000.

So, kung ang natanggap ninyo pong Social Amelioration benefit or fund ay hindi pasok dito sa mga subsidy na ito may nangyari pong problema. So, kailangan po ay maipaalam ninyo kaagad iyan sa inyong local government unit o kaya naman sa DSWD.

BENDIJO: Okay, maraming salamat ulit, John Mogol ng Radyo Pilipinas. Balikan natin si USec. Malaya. USec., hindi po maipagkakailang isipin ng karamihan sa atin na may palakasan daw sa mga opisyal diyan sa mga local government units sa pagkuha ng ayuda. Ano po ang magiging kaparusahan sa mga local official na involved sa ganitong uri ng anomalya, USec. Malaya?

USEC. MALAYA: Well, Anjo, maliwanag po na hindi po puwedeng haluan ng pulitika iyan, wala pong epal at wala pong pulitika, kailangan iyong ating pamimigay ng Social Amelioration Program. Ang importante po ay maintindihan ng ating mga kababayan kung sino ang qualified dahil nga po mayroon pong impression noong una na lahat ng pamilya ay mabibigyan ngunit ipinaliwanag na po ng ating pamahalaan na iba po ang programa para sa mga low income, iba iyong programa para sa mga MSMEs na parating na at para sa middle class at iba rin ang programa para sa mga mayayaman. Kaya po dito po sa mga low income families na tinatawag na informal sector na walang regular na trabaho, sila po ang primary beneficiary ng ating financial subsidy from the Social Amelioration Program.

Kung sakali man pong mayroon kayong ebidensiya na ibinigay itong Social Amelioration Program para sa isang pamilya na hindi kwalipikado, na hindi low income, na may trabaho for example or kaya naman ay 4Ps beneficiaries na na-doble ngunit intentionally tinanggap niya ito at ito namang mga barangay officials ay tinolerate ito or kaya naman ang local government units, nandiyan po ang DILG para umakson sa inyong reklamo. Ipaalam ninyo lamang sa amin o kaya naman sa aming regional, provincial or municipal offices para po makalap namin ang ebidensiya para makapagsampa po kami ng kaso.

Ayon po sa Bayanihan Act, puwede pong makulong hanggang dalawang buwan o mapagmulta ng hanggang isang milyon ang sinomang local government official na magba-violate dito sa Bayanihan Act.

USEC. ROCKY: Opo. USec. Malaya, may dalawa po akong tanong. Una ay iyong tanong ng marami: Ano daw po ang nangyari dito sa isang malaking pamilihan sa palengke? Saan daw po nagkakaroon ng problema sa komunikasyon bakit nagkaroon ng napakaraming tao dito sa isang palengke sa ating siyudad dito sa Metro Manila? At ang second pong tanong: Ano daw po iyong ibibi ... or papaano—bukas daw po ba iyong mga bangko dahil extended po iyong ECQ natin na hanggang April 30? Paano daw po magbabayad ng kanilang mga loans?

USEC. MALAYA: Opo. USec., tama po kayo, nagkaroon ng napakaraming tao sa isang malaking palengke dito sa Kamaynilaan kahapon dahil nga sa Easter Sunday kaya po na baka dumagsa po ang mga tao. Nakarating po ang report sa atin sa DILG kaya po nag-utos si Secretary Eduardo Año sa local government unit at sa ating kapulisan na pumunta doon at maglagay na lamang ng dalawa, isa or limitadong lagusan papasok doon sa palengke.

At iyong atin naman local government unit ay ipinasara iyong mga retail store, iyon na lamang pong mga wholesaler ang hinayaang magbenta. Iyon po ngayon ang kautusan ni Secretary Año dahil nga po hindi nasusunod ang social distancing at mass gathering sa mga palengke. Ipinag-utos na po niya sa lahat ng mga palengke na kailangan po limitado ang mga lagusan papasok at palabas. Kung pupuwede pong isa lang o kung hindi puwedeng isa, puwedeng dalawa o tatlo pero kailangan pong kontrolin ang numero ng taong pumapasok dito.

At ipinag-utos din po niya together with Secretary Delfin Lorenzana na ang ating kapulisan kasama na rin ang Armed Forces of the Philippines ay kailangang mag-patrolya sa loob at labas ng mga pamilihang bayan na ito especially doon sa mga malalaki para masiguro na masusunod ang social distancing at ang ating prohibition sa mass gathering.

At nananawagan din po ang DILG na para hindi na po maulit ang mga ganitong pangyayari na kung hindi naman po essential iyong inyong pagpunta sa palengke ay huwag na muna po kayo lumabas sa inyong bahay. Ang importante po dito ay maging frontliner din kayo at magiging frontliner kayo kung aalagaan ninyo ang inyong mga sarili, kung sisiguraduhin ninyong hindi kayo lalabas ng bahay kung hindi naman kinakailangan.

Tungkol naman po doon sa tanong tungkol sa mga bangko, wala naman pong pagbabago sa ating polisiya sa mga bangko. Kung ano po iyong mga sistema natin during the regular ECQ, pareho pa rin po dito sa extended ECQ. Lahat po ng bangko ay bukas, puwede po silang mag-operate, mga ATM, mga pera padala, lahat po ng ito ay pinapayagan ng ating pamahalaan dahil nga po importante na makapagpadala at makatanggap ng pera at tulong ang ating mga kababayan partikular iyong mga tumatanggap ng Social Amelioration Program kasama na rin po iyong mga driver ng mga TODA, mga public utility drivers na ngayon ay tumatanggap na ng tulong mula sa DSWD. Kailangan po silang makapasok sa mga bangko para po makuha nila iyong tulong ng pamahalaan.

BENDIJO: Okay. Maraming salamat po, USec. Jonathan Malaya ng DILG. Thank you po, sir. Good morning. Ngayon naman ay makakausap natin si Director Irene Dumlao, ang tagapagsalita ng DSWD. Good morning po, Dir. Irene Dumlao.

DIR. DURLAO: Magandang umaga po, Sir Aljo! Magandang umaga din po, USec. Rocky; gayundin po sa lahat ng tagasubaybay ng inyong programa.

BENDIJO: Ito na. Napakaraming tanong po sa DSWD. Kumusta po ang distribution natin ng ayuda under Social Amelioration Program, Director Irene?

DIR. DUMLAO: Well, Sir Aljo, banggitin ko lamang po na noong April 2, 2020, natanggap po ng DSWD ang one hundred billion na pondo para sa implementasyon ng Social Amelioration Program para sa buwan ng Abril. Within 24 hours po ang DSWD ay nakapagpahatid ng 80 billion na pondo sa iba't ibang field offices ng DSWD.

Gayundin po, Sir Aljo, nakapamahagi na po tayo ng mahigit sixteen billion pesos sa mahigit 3.7 million beneficiaries ng Pantawid Pamil—[SIGNAL FADES]. Ito pong ibinaba natin na emergency subsidy fund sa ating mga field offices amounting to more than 80 billion, mahigit 50% na po niyan ang naipamahagi sa iba't-ibang mga local government units. And as of the report that we have, Sir Aljo, mahigit three hundred forty-one million na po ang naipahatid sa mga low income, non-4Ps beneficiary mula sa iba't iba pong mga munisipyo at siyudad. Katuwang na po natin ang mga lokal na pamahalaan sa pagpapahatid ng tulong na ito.

Gayundin din po, nakipagtulungan ang DWSD sa LTFRB at sa Department of Transportation upang makapamahagi ng emergency subsidy sa mahigit forty thousand na pamilya, sa may mga drivers ng TNVS at PUV at nakapag-allot po tayo ng mahigit three hundred twenty three million para po dito.

Gayundin po, inaasahan ng DSWD na tataas pa ang bilang ng mga benepisyaryo na makakatanggap ng Social Amelioration Program emergency subsidy dahil tuluy-tuloy po ang ginagawang payout ng ating mga field offices kasama ng mga iba't ibang mga lokal na pamahalaan.

USEC. ROCKY: Ma'am, bago po tayo magtungo kay John Mogol ng Radyo Pilipinas, may tanong po dito na: Papaano daw po tinutugunan ng DSWD iyong reklamo ng ilan nating mga kababayan sa kanilang mga barangay na allegedly hindi sila nabibigyan na dapat sa tingin nila ay dapat ay nabibigyan sila ng Social Amelioration Program o maging bahagi nito?

DIR. DUMLAO: Unang, una—maraming salamat po, USec. Rocky. Unang-una po, ang DSWD na nangunguna sa implementation ng Social Amelioration Program ay naglagay po, nag-institute ng grievance redress mechanism para po atin pong ma-accommodate at masolusyunan o matugunan ang mga reklamo ng ating mga kababayan hinggil sa implementasyon ng SAP.

Ang atin pong mga kababayan na sa palagay nila sila ay eligible para sa programa, maaari po silang mag-apela sa kanilang mga Local Social Welfare and Development Offices at ang mga LSWDOs naman po ay magsusumite ng listahan sa ating field offices. Our field offices will validate the list of eligible beneficiaries outside the target number or the indicative number of target beneficiaries. Iba-validate po ito ng DSWD at ibabahagi sa ating mga economic managers upang mapag-aralan at mapagtaluhan.

USEC. ROCKY: Opo. May tanong din po ang ating kasama sa MPC, si Chona Yu: *"Allegedly, may report sa kanila daw na [sa] Leyte hindi daw five thousand ang natatanggap, three thousand six hundred ang ibinibigay ng DSWD?"*

DIR. DUMLAO: Nakasaad po sa Republic Act 11469 at batay po sa mga umiiral na panuntunan ng Social Amelioration Program, ang bawat pamilya po ay makakatanggap ng five thousand to eight thousand, depende sa minimum wage rate ng ilang rehiyon. Wala pong nakasaad na dapat

pong hatiin ang halaga na ito dahil ito dahil ito ay para po sa doon sa pamilya na atin pong na-identify at target beneficiary.

USEC. ROCKY: Okay. May katangan pa rin po ang ating mga kababayan. Puntahan naman natin si John Mogol mula sa Philippine Broadcasting Service. Go ahead, John.

MOGOL: Salamat, USec. Ignacio. Magandang tanghali po kay Director Irene. Ang tanong na ito ay galing pa ng Tagbilaran City, Bohol. From Gelmar, ito po ang kaniyang katanungan.

[VTR] *Since hindi lahat ng pamilya ay qualified na makatanggap sa SAP, puwede ba iyong hatiin ang six thousand na maging three thousand para lahat ng pamilya ay makatanggap dito sa Bohol?*

DIR. DUMLAO: Maraming salamat po sa katanungan na iyan. We discourage po... we discourage iyon pong paghahati-hati ng emergency subsidy fund dahil po itong amount na ito ay pinag-aralan at ito ang nakita na close approximation sa kakailanganin ng isang pamilya para ma-meet po ang mga pangunahing pangangailangan nila sa isang buwan.

Hindi po dapat ito hatiin sa mga iba't ibang pamilya. Gaya nga po ng nabanggit ko, kung mayroon pang mga eligible beneficiaries na hindi po nasakop ng indicative number of target beneficiaries, maaari po silang magsumite ng apila sa kanila pong mga local social welfare development officers.

BENDIJO: Okay. Director Irene, may pahabol lang akong question: Samakatuwid, iyong mga LGUs na may mga na-exclude sa listahan na mga benepisyaryo sana nitong Social Amelioration Program ay kukuha iyong mga LGUs – tama ho ba? – sa kani-kanilang supplemental social amelioration program bilang remedyo para mabiyayaan at mabigyan iyong ilang mga pamilya na na-exclude nga sa listahan ng bawat siyudad, munisipalidad o mga local government units, Director Irene?

DIR. DUMLAO: Opo, Sir Aljo. Unang-una po, we commend the local government units na nag-i-initiate po ng mga ganitong programa para po sa kanilang mga kababayan at mapagsilbihan nga po iyon pong mga karagdagan na mga pamilya who they think are eligible to receive also subsidy from the government.

Gaya nga po ng nabanggit ko, Sir Aljo, kung mayroon pong mga eligible beneficiaries outside of the indicative number of target beneficiaries, maaari po silang magsumite ng apila sa kanila pong mga local social welfare development officers, at isusumite naman po ito sa DSWD.

Para naman po sa mga local government units na mayroon pong mga resources, pinapasalamatan po kayo ng pamahalaan at tinutulungan ninyo po kami sa pagbibigay ng tulong sa ating mga kababayan.

BENDIJO: Okay. Daghang salamat, Direktor Irene Dumlao, ang tagapagsalita ng DSWD. Samantala, puntahan natin ang tagapagsalita, Usec. Rocky, ng BJMP na si Chief Inspector Xavier Solda. Magandang umaga, Chief Inspector Solda.

CHIEF INSPECTOR SOLDA: Yes, magandang umaga kay Usec. Rocky Ignacio at sa iyo, Aljo, at sa lahat ng nakasubaybay sa atin ngayon.

BENDIJO: Opo. Kumusta po ang sitwasyon ng ating mga kulungan sa ilalim ng BJMP ngayon?

CHIEF INSPECTOR SOLDA: Well, kasalukuyan, on jail lockdown pa rin tayo, mag-iisang buwan na. Matiyagang nagbabantay iyong ating mga personnel doon sa lahat ng ating mga facilities. Wala munang contact visitation ngayon; temporarily suspended ang dalaw. Pero para sa mga kababayan natin, because we are deeply concerned doon sa mga PDL (Person Deprived of Liberty) natin, mayroon naman tayong electronic dalaw na kung saan name-maintain pa rin natin iyong connection between our PDL at ng kanilang mga pamilya sa labas.

USEC. IGNACIO: Anu-ano naman po iyong kasalukuyang hakbang ng pamunuan ng BJMP para naman po mapangalagaan iyong mga pasilidad ninyo mula doon sa COVID-19 pa rin po?

CHIEF INSPECTOR SOLDA: Well, aktibo po iyong ating National COVID-19 Task Force sa BJMP. Sila po ang nagbibigay ng guidance sa kanilang mga regional at local counterparts. Mahigpit pa rin iyong pagpapatupad natin ng ating mga nilatag na mga precautionary measures: Iyong pagsusuot ng facemasks; thermal scanning; tuluy-tuloy po, araw-araw iyong ating disinfection na ginagawa.

At nakita namin na very effective po iyong information dissemination campaign kung papaano mapuprotektahan ng ating mga PDL at ng kanilang mga ... lahat ng ating mga personnel iyong kanilang sarili mula sa virus infection. At kasama na rin po diyan iyong close self-monitoring sa ating mga PDL at ng ating mga personnel.

At ang ating Chief BJMP ay nag-direct na rin ng regular conduct ng dialogue among our PDL and personnel to check on their morale and mental health concerns.

BENDIJO: Opo, sir. May magandang balita ang BJMP upang tumulong sa efforts ng pamahalaan on COVID-19. Ano itong magandang balita sa BJMP?

CHIEF INSPECTOR SOLDA: Yes, Aljo. Ang lahat ng mga BJMP personnel natin nationwide, nagsama-sama kami, mayroong 1.5% mula sa aming base pay, aabot iyan sa total na around 7.23 million, lahat po ng mga personnel natin, tutulong po kami sa efforts na national government

para sa COVID-19. Tutulong po kami sa bayanihan kasi ito naman po talaga ang panawagan ng pamahalaan.

Actually, kahit wala pa po itong COVID-19 'no, iyon atin pong mga personnel during calamities, may mga sakuna, may mga problema sa komunidad, ka-partner po ng ating mga communities ang BJMP personnel sa pagtulong para mapunan iyong ibang pangangailangan sa ating mga communities.

At ito ang nakakatuwa, Usec. Rocky at Aljo, iyong ating mga PDL [*persons deprived of liberty*] mismo, tumutulong na rin sila pagpa-fabricate, paggawa ng mga facial mask, mga PPEs para doon sa mga frontline health workers.

USEC. IGNACIO: Sir, mayroon po ba kayong reported diyan na nag-positive po sa COVID-19 or kahit suspected po?

CHIEF INSPECTOR SOLDA: Well, mayroon po tayong mga binabantayan na PDL natin, mayroon po tayong 21 na nasa isolation. Napa-swab na po natin sila, inaantay na lang po natin ang resulta. At nais ko pong ibalita sa ating mga kababayan na as of this minute zero COVID case po tayo among our PDL.

At nakita po natin, napaka-epektibo na ginawa ng BJMP, unang-una na po diyan iyong proactive stance natin toward COVID-19. In fact, nag-declare na po agad tayo, maaga pa lamang, ng jail lockdown sa lahat ng mga jail facilities hindi lamang po dito sa Metro Manila na parang epicenter na nitong COVID-19 kung hindi sa 468 po na jail facilities natin sa buong bansa. Kaya rin po wala tayong naitatala pa sa ngayon kasi simula't simula pa lang, since day one, very transparent na ang BJMP. Ang mga PDL po natin, mayroon silang access sa media – nakakapanuod sila ng TV, nakakapakinig sila sa radio – so nakaka-receive po sila ng mga important information kung papaano rin mapoprotektahan iyong sarili nila.

And kasama rin po diyan, Usec. Rocky, iyong timely creation ng national COVID task force natin. Maaga pong nag-direct iyong ating Chief BJMP, si Jail Director Allan Iral, para po mayroong national na management team na tutugon po sa mga pangangailangan ng ating mga regional offices. And pang-apat diyan napakahalaga na iyong ating mga health protocols naka-anchor strictly implemented sa ating mga jail facilities; naka-anchor po iyan sa mga protocols na nilatag din po ng Department of Health. Malaking bagay din po, Aljo, iyong strong collaboration natin with Justice sector, iyong iba pang mga agencies under the Interior sector, pati po ang private sector. In fact, ang International Committee on the Red Cross katulong po natin sila. Nagpapasalamat din tayo kamakailan lamang iyon pong opisina ng ating Vice Chairman ng Justice Committee sa House of Representatives, si Congressman Nograles, nagpahatid din ng 25 sets of computers sa BJMP para sa electronic dalaw. At ang pinaka- importante rin dito iyong suporta po na natatangap ng BJMP mula po sa DILG at sa iba pa pong ahensiya ng pamahalaan.

BENDIJO: Okay. Thank you so much, BJMP Inspector Xavier Solda. Good morning.

CHIEF INSPECTOR SOLDA: Yes, maraming salamat din po.

USEC. IGNACIO: Ngayon naman po ay tumungo tayo kay Ambassador Ma. Theresa Dizon de Vega ng Embassy of the Philippines sa Berlin, Germany. Magandang araw po, Ambassador.

AMB. DE VEGA: Magandang araw po sa inyong lahat diyan sa Pilipinas.

USEC. IGNACIO: Mabilis po ang naging pagtaas ng COVID-19 cases sa Germany. Ano po iyong hakbang na ipinatutupad ng kanilang gobyerno para po sugpuin ito?

AMB. DE VEGA: Sila po sa ngayon, mayroon po silang ini-implement na mitigation control factors. Bawal na po ang mga public gatherings dito sa Germany. Ang pinakamarami pong pinapayagan po nila ay dalawang tao lang po, maliban po kung mga miyembro po ng isang pamilya. Mayroon din pong social distancing dito. Bawal po ang magkakalapit ang mga tao at may multa po ho iyan, napakalaking multa po dito sa Germany. Sa ngayon nga po gumagamit po sila ng tinatawag na drone para ma-track po kung mayroon pong lumalabas dito sa mga condition na ito.

BENDIJO: Okay. Ano pong tulong na ibinibigay sa ating mga kababayan diyan ng Embahada po ng Pilipinas diyan sa Berlin, Germany, Ambassador, sa mga apektadong Pilipino? Ilan na po ang nahawaan ng COVID diyan, update tayo sa ating mga kababayan diyan sa Germany?

AMB. DE VEGA: Sa ngayon po, mayroon po tayong mino-monitor na siyam na katao. Lahat po sila mga frontliners, mga Filipino nurses po na nagtatrabaho dito sa Germany na positive po para sa COVID. Pero sa kabutihan naman po, mild lang po ang sintomas nila. Mayroon nga hong mga dalawa na asymptomatic ho. Iyong mga asymptomatic ho, nag-aantay na lang silang matapos iyong quarantine period para po ma-check po sila ulit ng medical health officers. Araw-araw po kausap po namin sila o kaya mine-message po namin, may wellness check po kami araw-araw sa kanila. Hopefully po lahat po sila maka-recover sa madaliang panahon po.

USEC. IGNACIO: Ano po iyong payo ninyo sa Filipino community diyan? Mayroon po bang nagpabigay abiso sa inyo na may gustong umuwi sa Pilipinas?

AMB. DE VEGA: Sa ngayon po kasi wala pa hong lumalapit sa amin na gustong bumalik ng Pilipinas. Dahil dito naman sa Germany po, kahit marami ang kaso nila ng COVID infection, sila po ang isa sa pinakamababang mortality rate sa buong mundo. At Germany po ang may pinakamalaking hospital to patient ratio at mayroon po siyang national health system dito na maayos. Kaya hindi pa naman po kami nakakatanggap pa ng ganoong request. Ang pinagkakaabalahan po namin na bumalik ng Pilipinas ngayon ay ang mga Filipino seafarers po

natin na empleyado po sa mga German company; sila po ngayon ang tinutulungan namin ma-repatriate.

BENDIJO: Ambassador, mga turistang mga Pilipino, wala bang na-stranded ngayon diyan?

AMB. DE VEGA: Wala pa naman pong lumalapit sa amin. Sa ngayon naman po, ang German government ay nag-i-extend pa po sila ng mga tourist visas. Although ang abiso po nila sa publiko, kung mayroon mang mga stranded na turista sa pinakamaaga pong oportunidad na makabalik sila ng Pilipinas ay gawin na po nila dahil paiba-iba po, nagbabago po kasi ang mga polisiya dito sa EU, dito sa Germany dahil nga din nga po sa sitwasyon. Napaka-fluid po kasi ng sitwasyon ngayon.

BENDIJO: Pero may mga flights naman po ng eroplano palabas ng Germany, halimbawa pauwi dito sa Pilipinas?

AMB. DE VEGA: Mayroon pa pong mangilan-ngilan na ruta na bukas po.

USEC. IGNACIO: Okay, wala na rin po kaming masyadong maitatanong. Ang sa amin na lang po ay napakalayo ninyo, mag-ingat po kayo diyan at kami naman dito sa Pilipinas kung mayroon po ba kayong parang nais pang hingging tulong sa ating pamahalaan, Ambassador?

AMB. DE VEGA: Sa ngayon po, Usec. Rocky and Aljo, inaantay na lang po namin iyong hinahanda po ng Philippine Overseas Labor Office na ayuda po, iyong inanunsyo na po ni Secretary Bello para po doon sa financial assistance sa mga displaced po na Overseas Filipinos po. As soon na ma-finalize iyan, i-implement na po ng Philippine Overseas Labor Office dito sa Berlin.

BENDIJO: Ambassador, i-clarify ko lang po: Halimbawa may mga Pilipinong huwag naman po sanang magpo-positibo diyan sa Germany, may tulong ba ang gobyerno sa kanila ng Alemanya o manggagaling sa mga bulsa nila ang gagastusin nila sa ospital?

AMB. DE VEGA: Dito po kasi, karamihan, halos lahat po ng permanent resident at mga citizens pati po ang mga estudyante at may mga work permit naka-enroll po sila lahat sa national insurance system. Kaya covered po sila ng mga ganyang gastusin po. Lyon din po ang naging experience ng mga nauna naming mga COVID na pasyente.

BENDIJO: Alright, maraming salamat. Ingat po kayo diyan. Ambassador Ma. Theresa Dizon de Vega ng Embassy of the Philippines sa Berlin, Germany.

USEC. IGNACIO: Ngayon naman po ay puntahan natin si MMDA Spokesperson Assistant Secretary Celine Pialago. Magandang araw sa iyo, Asec?

ASEC. PIALAGO: Magandang araw, Usec Rocky and Sir Aljo, at sa lahat po ng nanunood at nakikinig ngayong tanghali.

USEC IGNACIO: Okay. Sa pangunguna po ng MMDA at ng Metro Manila Council, naglabas po ng dalawang resolution, approved resolution na may kaugnayan po sa social amelioration packages at iyong discrimination laban po sa health workers at mga taong apektado ng COVID-19. Paki-explain po ito at bigyan po ninyo kami ng iba pang mga detalye tungkol dito.

ASEC. PIALAGO: Yes, Sec. Rocky. April 6 po via video-teleconference sa pangunguna po ni Chairman Danny Lim at ng 17 Metro Manila Mayors, dalawang resolution po ang naipasa. Una po, ma'am, iyong MMC 2027 Series of 2020, where the MMC urged the Department of Social Welfare and Development NCR and Department of Finance to reinstate the original number of target beneficiaries of the 17 local government units. So inaasahan po sana sa pamamagitan ng MMC na ito, ma'am, ay maibigay po iyong SAP natin o iyong Social Amelioration Packages sa orihinal na bilang po ng mga makakatanggap bawat LGU.

Usec., Metro Manila po has the biggest number of COVID-19 cases, greatest number din po of affected daily wage earners, at Metro Manila din po ang may pinakamalaking extended or multiple families per household. Kaya po sa pamamagitan po ng MMC Resolution na ito, dahil po halos nangalahati, Usec., iyong nakatanggap ng social amelioration packages which is alam naman po natin ma'am, sa kapangyarihan po ng bawat mayors, mas alam po nila at kilala nila kung ilan po iyong nangangailangan sa kanilang lungsod. Iyon po, ma'am, iyong unang MMC Resolution.

Iyong pangalawa naman po, ma'am, ito po iyong MMC 20-08, ito po iyong Anti-Discrimination Bill po where Chairman Danny Lim and MMC urged the local legislative councils po of the National Capital Region to issue ordinances penalizing po any acts of violence towards our healthcare workers, persons under investigation and person under monitoring. Sa dami po ng report na natatanggap dito sa Metro Manila na mga nasasaktan po nating healthworkers, OFW, mga nabu-bully po, mga sinasaktan po sila physically, verbally, mainam po ma'am na through this resolution, bawat local government po ay magpapasa ng ordinances na magpaparusa po sa mga mananakit sa ating mga healthworkers, PUI at PUM.

BENDIJO: Okay. Asec. Celine, bukod sa mga resolusyong nabanggit ninyo, ano pa ang hakbang, mga hakbang na ginagawa ngayon ng MMDA para labanan ang COVID-19? Asec...

ASEC. PIALAGO: Number one, sir, lahat po ng ating workforce na nasa ground ngayon ay patuloy pong binibigyan ng suporta ng aming Chairman Danny Lim. Sila po ay nakakatanggap ng vitamins, pagkain. Sa pangkalahatan naman po na kalsada dito sa Metro Manila, patuloy po tayong nagmo-monitor ng mga areas po na crowded kagaya ng ilang palengke – Balintawak,

Commonwealth, Nepa Q-Mart – kung saan po marami pa rin po tayong mga kababayan ang hindi sumusunod sa social distancing at nakikipagtulungan po tayo sa PNP-Highway Patrol Group.

Naglagay din po ang MMDA ng ilang misting tents po sa ilang mga public hospitals dito sa Quezon City para po tulungan din ang local health department ng iba't ibang lungsod. Mayroon din po tayong libreng sakay, sir, patuloy pa rin po iyan para sa ating mga healthworkers at iyong ating mga kababayan na nangangailangan po nang libreng sakay pang-araw-araw.

USEC. IGNACIO: Opo. Salamat sa iyo, Asec. Celine. Pero wala namang traffic, wala naman masyadong sasakyan sa kalsada ngayon. Mayroon bang nahuhuli pa kayo? May violators pa ba?

ASEC. PIALAGO: Yes, Usec. Rocky. Nakaka-average po tayo ng halos 27 traffic violators po per intersection. 24/7 po operational ang MMDA Command Center which is our metro based at nakakahuli po tayo. Number one traffic violations po, Usec., over speeding; disregarding traffic signs kung saan po nagbi-beating the red light iyong ilang mga motorist; reckless driving. At nangunguna po sa ngayon, ma'am, iyong bilang po ng mga mahilig mag-drag race.

Paalala lang ho, sa lungsod po ng Parañaque at Pasay, kasama po iyan sa aming mga violations, sa aming traffic violation receipt – P5,000 po ang fine diyan sa Parañaque; P2,000 po sa Pasay. Ngayon po kung kayo po ay mahuhuli dito sa Quezon City, kayo po ay matitikitan ng reckless driving, over speeding and disregarding traffic signs.

BENDIJO: Okay. Maraming salamat po, Asec. Celine Pialago ng MMDA. Ngayon kumustahin natin ang isa nating kababayan na nasa Jeddah, Saudi Arabia, si Edwin Salvador. Edwin, magandang umaga mula dito sa Pilipinas.

MR. SALVADOR: Magandang umaga rin po, sir, dito po sa Saudi Arabia. Maraming, maraming salamat din po sa pag-invite ninyo sa akin. Magandang umaga rin po at ganoon din po, binabati ko po ang aking pamilya diyan sa Pilipinas, Calaguio(?) Family and Salvador Family.

BENDIJO: Okay. Edwin, kumusta ang lagay ninyo diyan sa Jeddah, Saudi Arabia? Gaano kaapektado ang mga Pilipino natin diyan, mga kababayan natin dahil pa rin dito sa COVID-19 pandemic?

MR. SALVADOR: Dito po sa Saudi Arabia, sir, medyo mahirap kasi napakahigpit po dito at magbabayad ka po ng 10,000 Riyal kapag ikaw ay lumabag sa kanilang policy na lumagpas na sa curfew hour.

USEC. IGNACIO: Ano naman po iyong tulong na binibigay sa iyo ng ating embahada, sa ating Filipino community diyan?

MR. SALVADOR: Sa ngayon po, ma'am, sa Philippine Consulate dito sa Jeddah, medyo marami pa hong OFW na hindi po napapansin, marami pong hindi natutulungan, hindi nabibigyan ng relief goods. Kasi po dito, no-work no-pay. Kumbaga, problema po namin iyong pambayad ng bahay, problema po namin iyong pambili ng pagkain at hindi ka po makakalabas kung wala kang quarantine pass.

USEC. IGNACIO: So, ano po iyong gusto ninyong hinging tulong mula sa pamahalaan natin?

MR. SALVADOR: Ang hinihiling ko lang po sa mga gobyerno po natin, na sana iyong pagbigigay ng ayuda, iyong 200 US dollars na sinasabi ay huwag na po sanang pahirapan kasi marami po silang hinihingi na requirements bago makuha po iyon. So sana, hinihiling po namin na pansinin naman po iyong mga ibang kapwa ko OFW na mabigyan po ng relief goods kasi may mga nakukulong po, kinukulong ng mga amo, mga employer para hindi na lumabas, para hindi na dumami iyong cases ng coronavirus. So ngayon nagkakaproblema po sila ng pagkain, tubig, kung anu-ano pa. Sana maging fair po naman iyong pagtulong po ng ano—kasi iyong mga kapwa nating OFW dito ay tumutulong rin po iyong mga iba. Kasi may mga kababayan po tayong frontliner na tumutulong po sa mga kapwa natin OFW, na nabibigyan ng mga pangangailangan po.

BENDIJO: Okay. Edwin, mensahe mo na lang sa mga mahal mo sa buhay dito sa Pilipinas.

MR. SALVADOR: Sa mahal ko sa—pamilya, mga family ko diyan sa Pilipinas, sana maging okay po ang lahat, na ipagdasal po natin na maging maayos at maging mabuti ang ating hinaharap na problema na COVID-19 na po ito. Salamat po.

USEC. IGNACIO: Okay. Maraming salamat sa iyo, Edwin Salvador. Ingat ka diyan sa Jeddah. Samantala, makibalita tayo sa Baguio City kasama ang ating PTV Cordillera Correspondent na si Alah Sungduan.

[NEWS REPORTING]

PART 8 – LAGING HANDA/ APRIL 13, 2020

BENDIJO: Maraming salamat din, Usec. Rocky, sa mga nakasama nating panauhin ngayong umaga na sina Usec. Maria Rosario Vergeire, ang tagapagsalita ng Department of Health; Director Irene Dumalao, ang tagapagsalita ng DSWD; Usec. Jonathan Malaya, ang tagapagsalita

ng DILG; Asec. Celine Pialago, tagapagsalita naman ng MMDA; Jail Chief Inspector Xavier Solda, tagapagsalita ng BJMP; Ambassador Maria Theresa Dizon-De Vega ng Embassy of the Philippines sa Berlin, Germany; at si Edwin Salvador, OFW from Jeddah, Saudi Arabia.

USEC. IGNACIO: Nakasama rin natin ang Philippine Broadcasting Service, PTV Cordillera, PTV Davao, PTV Cebu, at ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas. Pinapasalamatan ko rin po ang mga doktor at nurse na naka-assign diyan sa Mataas na Paaralan ng Neptali Gonzales diyan po sa Mandaluyong City. Maraming salamat po sa inyong walang sawang dedikasyon at serbisyo.

At panghuli, bigyan din natin ng pagsaludo ang Filipino Sign Language Access Team for COVID-19 para sa walang sawang pagsuporta sa ating programa.

BENDIJO: At diyan po nagtatapos ang ating programa ngayong araw. Ugaliing maging updated sa mga balita hinggil sa COVID-19 sa bansa, gayundin sa mga hakbang ng ating pamahalaan upang masugpo ito. Patuloy po lamang na tumangkilik, sumubaybay at makinig sa mga lehitimong news sites.

Sa ngalan po ni Secretary Martin Andanar, ako po si Aljo Bendijo.

USEC. IGNACIO: Higit sa lahat, huwag maniniwala sa ilang mga nababasa online. Maging maalam at maingat po tayo sa pagharap sa suliraning ito. Mula po sa Presidential Communications Operations Office, ako naman po si Usec. Rocky Ignacio.

Laging tandaan, basta laging handa, sama-sama, kaya natin ito. Hanggang bukas pong muli, dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

--

News and Information Bureau-Data Processing Center